WA CARES FUND

# Abot-kayang pangmatagalang saklaw ng pangangalaga para sa mga manggagawa ng Washington

## Pagiging kalipikado para sa mga benepisyo

### Matugunan ang kinakailangang kontribusyon

**Permanenteng pamamaraan**

Makuha ang buong halaga ng benepisyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kontribusyon sa loob ng hindi bababa sa 10 taon.

**Pansamantalang pamamaraan**

Makuha ang buong halaga ng benepisyo kung nakapagbigay kayo ng kontribusyon sa loob ng hindi bababa sa tatlo ng huling anim na taon sa panahon ng inyong pag-aplay para sa mga benepisyo.

**Transisyong pamamaraan**

Kung ipinanganak kayo bago ang taong 1968, makakuha ng panghabambuhay na akses na 10% ng buong halaga ng benepisyo para sa bawat taon na nagbibigay kayo ng kontribusyon.

Bibilangin namin ang bawat taon sa kalendaryo na nagtatrabaho kayo nang hindi bababa sa 500 oras.

### Matugunan ang kinakailangang pangangalaga

Dapat naming malaman na kailangan ninyo ng tulong sa tatlo o higit pang aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay at patuloy kayong mangangailangan ng tulong sa loob ng hindi bababa sa 90 araw.

## Pag-aplay para sa mga benepisyo

Kayo (o ang taong tumutulong sa inyo) ay mag-aaplay online o tatawag sa amin upang humingi ng tulong.

Alamin pa sa:
wacaresfund.wa.gov/apply

## Paggamit ng inyong mga benepisyo

Puwede ninyong gamitin ang inyong mga benepisyo upang makatanggap ng anumang saklaw na serbisyo at suporta mula sa isang tagapagbigay-serbisyo ng WA Cares, kasama na rito ang pangangalaga sa inyong tahanan o sa isang pasilidad, pagbabago sa tahanan, pagkaing inihahatid sa tahanan, pang-agapay na kagamitan at iba pa.

Alamin pa sa:
wacaresfund.wa.gov/benefits

## Magtangap kayo ng suporta

**Telepono**

844-CARE4WA
(844-227-3492)

**Mag-email o mag-chat**

wacaresfund.wa.gov/contact

May makukuhang tulong sa wika.

Para sa pinakabagong impormasyon, bisitahin ang wacaresfund.wa.gov.